

TAGALOG	KING JAMES VERSION
Kay Tito 1	Titus 1
1:1 Akong si Pablo ay alipin ng Diyos at apostol ni Jesucristo ayon sa pananampalataya ng mga hinirang ng Diyos. Ayon sa kaalaman ng katotohanan at ayon sa pagkamaka-Diyos.	1:1 Paul, a servant of God, and an apostle of Jesus Christ, according to the faith of God's elect, and the acknowledging of the truth which is after godliness;
1:2 Mayroon akong buhay na walang hanggan na nakabatay sa pag-asa. Ito ay ipinangako na ng Diyos na hindi makapagsisinungaling, bago pa sa pasimula ng panahon.	1:2 In hope of eternal life, which God, that cannot lie, promised before the world began;
1:3 Sa panahong itinakda ng Diyos, inihayag niya ang kaniyang salita sa pamamagitan ng pangangaral. Ang pangangaral na ito ay ipinagkatiwala niya sa akin alinsunod sa utos ng Diyos na ating Tagapagligtas.	1:3 But hath in due times manifested his word through preaching, which is committed unto me according to the commandment of God our Saviour;
1:4 Sumusulat ako sa iyo Tito. Ikaw ay tunay kong anak ayon sa pananampalatayang nasa ating lahat. Sumaiyo ang biyaya, kahabagan at kapayapaang mula sa Diyos Ama at Panginoong Jesucristo na ating Tagapagligtas.	1:4 To Titus, mine own son after the common faith: Grace, mercy, and peace, from God the Father and the Lord Jesus Christ our Saviour.
1:5 Ang dahilan kung bakit kita iniwan sa Creta ay upang ayusin mo ang mga bagay na kulang at upang magtalaga ka ng mga matanda sa bawat lungsod. Italaga mo sila gaya ng iniutos ko sa iyo.	1:5 For this cause left I thee in Crete, that thou shouldest set in order the things that are wanting, and ordain elders in every city, as I had appointed thee:
1:6 Ito ang aking utos: Italaga mo ang lalaking walang maipupula ang sinuman at may isang asawa. Ang kaniyang mga anak ay mga mananampalataya, dapat na hindi mapaparatangan ng walang pagpipigil o masuwayin.	1:6 If any be blameless, the husband of one wife, having faithful children not accused of riot or unruly.
1:7 Ito ay sapagkat dapat na walang maipaparatang sa tagapangasiwa bilang katiwala ng Diyos. Hindi niya dapat ipagpilitan ang kaniyang sariling kalooban at hindi madaling magalit. Siya ay hindi dapat manginginom ng alak, hindi palaaway at hindi gahaman sa salapi.	1:7 For a bishop must be blameless, as the steward of God; not selfwilled, not soon angry, not given to wine, no striker, not given to filthy lucre;
1:8 Sa halip, ang kaniyang tahanan ay bukas para sa mga panauhin, mapagmahal sa mabuti, ginagamit nang maayos ang isip, matuwid, banal at may pagpipigil sa sarili.	1:8 But a lover of hospitality, a lover of good men, sober, just, holy, temperate;

TAGALOG	KING JAMES VERSION
1:9 Dapat din na panghawakan niya ang matapat na salita ayon sa itinuro sa kaniya. Ito ay upang mahimok niya ang ilan at kaniyang masaway yaong mga laban sa salita, sa pamamagitan ng mabuting aral.	1:9 Holding fast the faithful word as he hath been taught, that he may be able by sound doctrine both to exhort and to convince the gainsayers.
1:10 Ito ay sapagkat marami ang mga masuwaying tao. Sila ay nagsasalita ng walang kabulukan at mga mandaraya, lalong-lalo na iyong nasa pagtutuli.	1:10 For there are many unruly and vain talkers and deceivers, specially they of the circumcision:
1:11 Huwag mo na silang pagsalitain sapagkat itinataob nila ang mga sambahayan. Magkamal lang ng salapi ay nagtuturo na sila ng mga bagay na hindi nila dapat ituro.	1:11 Whose mouths must be stopped, who subvert whole houses, teaching things which they ought not, for filthy lucre's sake.
1:12 Isa sa kanila, ito ay sarili nilang propeta, ang nagsabi: Ang mga taga-Creta ay laging sinungaling, asal masamang hayop at matatakaw na batugan.	1:12 One of themselves, even a prophet of their own, said, the Cretians are always liars, evil beasts, slow bellies.
1:13 Ang sinabing ito patungkol sa kanila ay totoo. Dahil dito, mahigpit mo silang sawayin upang sila ay tumibay sa pananampalataya.	1:13 This witness is true. Wherefore rebuke them sharply, that they may be sound in the faith;
1:14 Ito ay upang huwag sila makinig sa mga katha ng mga Judio at ng mga utos ng taong tumatalikod sa katotohanan.	1:14 Not giving heed to Jewish fables, and commandments of men, that turn from the truth.
1:15 Sa taong malinis, ang lahat ng mga bagay ay malinis. Ngunit sa lahat ng nadungisan at hindi sumasampalataya ay walang bagay na malinis. Subalit ang kanilang pag-iisp at budhi ay nadungisan.	1:15 Unto the pure all things are pure: but unto them that are defiled and unbelieving is nothing pure; but even their mind and conscience is defiled.
1:16 Sinasabi nilang kilala nila ang Diyos ngunit siya ay ipinagkakaila nila sa pamamagitan ng kanilang mga gawa. Sila ay kasuklam-suklam, masuwayin at hindi makagagawa ng anumang mabuti.	1:16 They profess that they know God; but in works they deny him, being abominable, and disobedient, and unto every good work reprobate.
Kay Tito 2	Titus 2
2:1 Ngunit magsalita ka ng mga bagay na angkop sa mabuting aral.	2:1 But speak thou the things which become sound doctrine:
2:2 Ang matatandang lalaki ay maging mapagpigil, may karapat-dapat na ugali, ginagamit nang mabuti ang isip, may mabuting pananampalataya, pag-ibig at pagtitiis.	2:2 That the aged men be sober, grave, temperate, sound in faith, in charity, in patience.

TAGALOG	KING JAMES VERSION
2:3 Sa ganoon ding paraan ang kilos ng mga matatandang babae ay maging karapat-dapat sa mga banal, hindi mga mapanirang-puri, hindi nagpaaalipin sa maraming alak. Sila ay maging mga guro ng mga bagay na mabuti.	2:3 The aged women likewise, that they be in behaviour as becometh holiness, not false accusers, not given to much wine, teachers of good things;
2:4 Dapat silang maging ganito upang kanilang maturuan ang mga nakababatang babae na maging mapagmahal sa kanilang asawa at mapagmahal sa mga anak.	2:4 That they may teach the young women to be sober, to love their husbands, to love their children,
2:5 Turuan mo rin silang gumamit nang maayos ng kanilang isipan, maging dalisay, maging abala sa sariling bahay. Turuan mo silang maging mabuti, magpasakop sa sarili nilang asawa upang huwag mapagsalitaan ng masama ang salita ng Diyos.	2:5 To be discreet, chaste, keepers at home, good, obedient to their own husbands, that the word of God be not blasphemed.
2:6 Ang mga nakakabatang lalaki, sa gayunding paraan, ay hikayatin mong may katapatan na magkaroon sila ng tamang pag-iisp.	2:6 Young men likewise exhort to be sober minded.
2:7 Sa lahat ng mga bagay ipakita mo ang iyong sarili na huwaran ng mga mabubuting gawa. Sa pagtuturo, ay may katapatan, may karapat-dapat na pag-uugali at buhay na walang kabulukan.	2:7 In all things shewing thyself a pattern of good works: in doctrine shewing uncorruptness, gravity, sincerity,
2:8 Ipakita mong huwaran ang iyong sarili sa magaling na pananalitang hindi mahahatulan. Dapat kang maging ganito upang siya na nasa kabila ay mapahiya at walang masasabing masama patungkol sa iyo.	2:8 Sound speech, that cannot be condemned; that he that is of the contrary part may be ashamed, having no evil thing to say of you.
2:9 Ang mga alipin ay magpasakop sa sarili nilang mga amo. Sa lahat ng mga bagay ay maging kalugud-lugod at hindi palasagot.	2:9 Exhort servants to be obedient unto their own masters, and to please them well in all things; not answering again;
2:10 Hindi sila dapat magnakaw ngunit nagpapakita ng lahat ng mabuting pagtatapat upang ang aral ng inyong Diyos na Tagapagligtas ay kanilang palamutian sa lahat ng mga bagay.	2:10 Not purloining, but shewing all good fidelity; that they may adorn the doctrine of God our Saviour in all things.
2:11 Ito ay sapagkat ang biyaya ng Diyos na nagdadala ng kaligtasan ay nahayag sa lahat ng mga tao.	2:11 For the grace of God that bringeth salvation hath appeared to all men,
2:12 Ito ay nagtuturo na dapat tayong mamuhay sa kasalukuyang panahon na may mabuting paggamit ng isip, mamuhay na matuwid at mamuhay na may pagkilala sa Diyos. Mamuhay tayong tumatangi sa hindi pagkilala sa Diyos at makamundong pagnanasa.	2:12 Teaching us that, denying ungodliness and worldly lusts, we should live soberly, righteously, and godly, in this present world;

TAGALOG	KING JAMES VERSION
2:13 Mamuhay tayo nang ganito habang hinihintay ang mapagpalang pag-asa at marilag na pagpapakita ng ating dakilang Diyos at Tagapagligtas na si Jesucristo.	2:13 Looking for that blessed hope, and the glorious appearing of the great God and our Saviour Jesus Christ;
2:14 Ibinigay niya ang kaniyang sarili para sa atin upang tubusin niya tayo mula sa lahat ng hindi pagkilala sa kautusan ng Diyos at malinis niya para sa kaniyang sarili, ang tao na kaniyang pag-aari, masigasig sa mabubuting gawa.	2:14 Who gave himself for us, that he might redeem us from all iniquity, and purify unto himself a peculiar people, zealous of good works.
2:15 Ang mga bagay na ito ang iyong ipangaral at ihikayat at isumbat na may buong kapamahalaan. Huwag kang pahahamak sa kaninuman.	2:15 These things speak, and exhort, and rebuke with all authority. Let no man despise thee.
Kay Tito 3	Titus 3
3:1 Ipaala-ala mo na sila ay magpasakop sa mga pinuno at sa mga may kapamahalaan. Maging masunurin at maging handa sa paggawa ng mabubuti.	3:1 Put them in mind to be subject to principalities and powers, to obey magistrates, to be ready to every good work,
3:2 Ipaala-ala mo rin sa kanila na huwag silang manlait sa kaninuman. Dapat din silang maging mapayapa, mahinahon at nagpapakita ng kababaang-loob sa lahat ng mga tao.	3:2 To speak evil of no man, to be no brawlers, but gentle, shewing all meekness unto all men.
3:3 Ito ay sapagkat sa nakaraang panahon, tayo rin naman ay mga mangmang, mga masuwayin at mga iniligaw. Naging alipin tayo sa iba't ibang masasamang pita at kalayawan. Namuhay tayo sa masamang hangarin at inggitan. Kinapootan tayo ng mga tao at napoot tayo sa isa't isa.	3:3 For we ourselves also were sometimes foolish, disobedient, deceived, serving divers lusts and pleasures, living in malice and envy, hateful, and hating one another.
3:4 Ngunit nahayag ang kabutihan ng Diyos, na ating Tagapagligtas at ang kaniyang pag-ibig sa mga tao.	3:4 But after that the kindness and love of God our Saviour toward man appeared,
3: 5 Nang mahayag ito, iniligtas niya tayo, hindi sa pamamagitan ng mga gawa ng katuwiran na ating ginawa, kundi ayon sa kaniyang kahabagan. Ito ay sa pamamagitan ng muling kapanganakang naghuhugas sa atin at sa pamamagitan ng Banal na Espiritung bumabago sa atin.	3:5 Not by works of righteousness which we have done, but according to his mercy he saved us, by the washing of regeneration, and renewing of the Holy Ghost;
3:6 Masagana niyang ibinuhos ang Banal na Espiritu sa atin, sa pamamagitan ni Jesucristo na ating Tagapagligtas.	3:6 Which he shed on us abundantly through Jesus Christ our Saviour;

TAGALOG	KING JAMES VERSION
3:7 Ginawa niya ito upang sa pagpapaging-matuwid sa atin, sa pamamagitan ng biyaya at ayon sa pag-asa, tayo ay maging tagapagmana ng buhay na walang hanggan.	3:7 That being justified by his grace, we should be made heirs according to the hope of eternal life.
3:8 Ito ay mapagkakatiwalaang salita. Ibig kong palagi mong bigyan ng diin ang mga bagay na ito upang ang mga mananampalataya sa Diyos ay maging maingat sa pagpapanatili ng mabuting gawa. Ang mga bagay na ito ay mabuti at kapakinabang sa mga tao.	3:8 This is a faithful saying, and these things I will that thou affirm constantly, that they which have believed in God might be careful to maintain good works. These things are good and profitable unto men.
3:9 Iwasan mo ang hangal na pagtatanungan, ang walang katapusang pagsasalaysay ng mga angkan, ang pag-aaway-away at pagtatalo patungkol sa kautusan sapagkat wala itong kapakinabangan at walang itong kabuluhan.	3:9 But avoid foolish questions, and genealogies, and contentions, and strivings about the law; for they are unprofitable and vain.
3:10 Itakwil mo ang taong lumilikha ng pagkakampi-kampi, kung hindi siya nakinig pagkatapos ng una at ikalawang babala.	3:10 A man that is an heretick after the first and second admonition reject;
3:11 Alam mo na ang ganyang tao ay lihis at nagkakasala, na hinatulan na niya ang kaniyang sarili.	3:11 Knowing that he that is such is subverted, and sinneth, being condemned of himself.
3:12 Nang isinugo ko sa iyo si Artemas o si Tiquico, sikapin mong pumunta sa akin sa Nicopolis sapagkat aking ipinasyang doon magpalipas ng taglamig.	3:12 When I shall send Artemas unto thee, or Tychicus, be diligent to come unto me to Nicopolis: for I have determined there to winter.
3:13 Sikapin mong matulungan si Zenas na manananggol at si Apollos sa kanilang paglalakbay.	3:13 Bring Zenas the lawyer and Apollos on their journey diligently, that nothing be wanting unto them.
3:14 Dapat matutunan ng ating mga tao na manatili sa mabubuting gawa sa araw-araw na pangangailangan upang magbunga.	3:14 And let our's also learn to maintain good works for necessary uses, that they be not unfruitful.
3:15 Binabati ka ng lahat ng mga kasama ko. Batiin mo ang mga umiibig sa atin sa pananampalataya. Biyaya ang sumainyong lahat. Siya nawa!	3:15 All that are with me salute thee. Greet them that love us in the faith. Grace be with you all. Amen.